Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

Agosto 13, 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 240 , s. 2018

**TERTULYANG PANGWIKA 2018:**
**PAG-AADBENTURA SA LARANG NG PANANALIKSIK**

**Para sa:** **Mga Pinunong Tagamasid Pansangay**
**Mga Tagamasid Pansangay**
**Mga Tagamasid Pampurok**
**Mga Punongguro/Ulong Gurong Namumuno ng Purok**
**Mga Punongguro/Ulong Guro ng mga Paaralang Pampubliko ng Sekundarya at Integrado**

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Aklan ay lalahok sa Tertulyang Pangwika 2018 upang makiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa. Ang tema nito ay "Ang Wikang Filipino sa Makabagong Panahon: Pag-aadbentura sa Larang ng Pananaliksik." Ito ay magaganap sa ika-20 ng Agosto 2018 mula 8:00 NU hanggang 5:00 NH na gaganapin sa ASU-CFMS Function Hall & Training Center, Aklan State University - College of Fisheries and Marine Sciences (ASU-CFMS), New Washington, Aklan.

2. Ang gawaing ito ay naisaplano sa pakikipagtulungan ng Komisyon ng Wikang Filipino at Tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura, ASU-CFMS, alinsunod sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018.

3. Pinakatampok sa gawaing ito ang lektura ukol sa pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino sa multi-disiplinaryong aspeto na kung saan ay makakatutulong sa mga guro ng Baitang 11-12 para sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

4. Ang mga kinauukulang pinuno ng mga paaralan ay inaatasang gumawa ng kaukulang hakbang upang masunod ang **"no disruption of classes policy.**

7. Ang pamasahe at iba pang gastusin ng bawat kalahok ay kukunin mula sa MOOE/lokal na pondo ng kani-kanilang mga paaralan na mapapasailalim sa tamang regulasyon at alituntuning gumagabay sa akawnting at pagsusuri.

8. Kalakip nito ay ang Talaan ng mga Kalahok; sulat mula kay G. RJ A. Ampoyos, Direktor ng Sentro ng Wika At Kultura sa Aklan; Mga Tuntunin sa Patimpalak sa Paglalahad/Pagsumite ng Panukalang Papel Pananaliksik/Proyekto; at Mga Kahilingan ng Panukalang Papel Pananaliksik/Proyekto.

9. Para sa karagdagang impormasyon hinggil dito, tumawag kay G. Marth S. Tropa, Tagamasid Pansangay sa Filipino sa numero 09988618485.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**SALVADOR O. OCHAVO, Jr., Ed.D, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

ASIGNATURANG FILIPINO GURO PANANALIKSIK

MST/cdb

**Talaan ng mga Kalahok para sa Tertulyang Pangwika 2018**

| Blg. | Purok/ Sangay | Pangalan | Katungkulan | Paaralan/ Tanggapan |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Aklan | Marth S. Tropa | EPS | Sangay ng Aklan |
| 2 | | Ruby Agnes B. Estrada | EPS | Sangay ng Aklan |
| 3 | Altavas | Novie F. Blanca | Guro I | Altavas NS |
| 4 | Balete | Mary Jessa D. Bonuel | Guro I | Fr. Julian P. Rago NHS |
| 5 | Banga | Ronnie D. Rico | Guro III | Bacan NHS |
| 6 | | Analyn Z. Garcia | Guro I | Aguinaldo T. Repiedad, Sr. IS |
| 7 | Batan | Meyzcel D. Penaroyo | Guro I | Tabon IS |
| 8 | | Pauline Angel S. Esmeralda | Guro II | Bay-ang Magpag-ong NHS |
| 9 | Buruanga | Lainalyn S. Faderogao | Guro II | Buruanga Vocational School |
| 10 | Ibajay East | Luisa V. Montesa | Guro III | Naile NHS |
| 11 | Ibajay West | Rachell P. Sim | Guro I | Ondoy NHS |
| 12 | Kalibo I | Joannie M. Esmeralda | Guro I | Gaudencio L. Vega NHS |
| 13 | Kalibo II | Larry Sabangan | Guro III | Regional Science High School for Region VI |
| 14 | Lezo | Josie Legaspi | Guro I | Catalino M. Prado NHS |
| 15 | Libacao | Christine Mae M. Zubiaga | Guro I | Libacao National Forestry and Vocational High School |
| 16 | Madalag | Maybel F. Inan | Guro I | Madalag NHS |
| 17 | Makato | Kristine B. Tejada | Guro I | Makato IS |
| 18 | | Raynie C. Tactay | Guro I | Makato IS |
| 19 | | Nina Laine C. Tumbokon | Guro I | Anselmo B. Legaspi Sr. NHS |
| 20 | Malay | Ronel N. Nagtalon | Guro I | Malay NHS |
| 21 | Malinao | Pamela Joie S. Revicente | Guro II | Lilo-an NHS |
| 22 | Nabas | Pablito M. Ignacio | Guro I | Toledo NHS |
| 23 | New Washington | Jennifer D. Rentillo | Dalubhasang Guro II | New Washington National Comprehensive HS |
| 24 | | Jasper Mae J. Mayor | Dalubhasang Guro II | New Washington National Comprehensive HS |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 25 | | Petronilo U. Manahan, Jr. | Guro I | New Washington National Comprehensive HS |
| 26 | | Camille P. Villaruel | Guro I | New Washington National Comprehensive HS |
| 27 | | Reynard C. Retirva | Guro III | Candelaria NHS |
| 28 | | Monica Andrade | Guro I | Ochando NHS |
| 29 | Numancia | Reina V. Cahilig | Guro III | Numancia IS |
| 30 | Tangalan | Hazel S. Pelingon | Guro I | Jawili IS |

Inihanda ni:

**MARTH S. TROPA**
Tagamasid Pansangay-Filipino

Republika ng Filipinas
AKLAN STATE UNIVERSITY
**COLLEGE OF FISHERIES AND MARINE SCIENCES**
New Washington, Aklan
E-mail: cfms@asu.edu.ph
Tel. Fax No. 036-264-3567

DepED Region ...
Division of Aklan
**RECEIVED**
Date: 01 AUG 2018
Time: 10:45 a.m.
Signature:

**OPISINA NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA**

Hulyo 30, 2018

**DR. SALVADOR O. OCHAVO, Jr.**
**CESO VI**
Schools Division Superintendent
Department of Education
Division of Aklan

Mahal na **Dr. Ochavo**:

***Pagbati!***

*Malugod po naming inaanyayahan ang inyong mga guro sa Filipino lalo na yaong nagpaplanong* magsulat ng kanilang mga panukalang papel sa Masterado at mga mananaliksik sa Kagawaran ng Edukasyon sa Dibisyon ng Aklan na dumalo sa **Tertulyang Pangwika 2018** na may temang, ***"Ang Wikang Filipino sa Makabagong Panahon: Pag- aadbentura sa larang ng Pananaliksik"*** na magaganap sa 20 Agosto 2018 mula 8:00 nu hanggang 5:00 nh na gaganapin sa ASU-CFMS Function Hall & Training Center, New Washington, Aklan.

Ang nabanggit pong gawain ay naisaplano sa pakikipagtulungan na rin ng **Komisyon sa Wikang Filipino** kaugnay na rin sa pagdaraos ng Buwan ng Wika sa ngayong taon na may temang **"Filipino: Wika ng Saliksik."** Dadaluhan po ito ng mga guro, mga mag-aaral at mga dalubwika mula sa pampubliko at pampribadong paaralan at sektor sa lipunan.

Pinakatampok po sa naturang gawain ang lektura ukol sa pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino sa multi-disiplinaryong aspeto at gayundin ang paglalahad ng mga piling guro at mag-aaral ng kanilang mga isusumiteng Panukalang Papel/Proyekto.

Sa punto pong ito, hinihiling ko na magkaroon ng **30 kinatawan** mula sa mga guro at mananaliksik sa DepEd-Aklan at malugod po naming hinihikayat na sumali sa patimpalak at magsumite ng panukalang proyektong pananaliksik. Wala pong anumang babayaran ang ating mga guro at libre na rin po ang kit at tanghalian ng mga dadalo.

Kalakip po ng liham na ito ang mga sumusunod:

1. Mga Tuntunin sa Patimpalak sa Paglalahad ng Panukalang Pananaliksik/Proyekto
2. Mga kahingian ng Panukalang Papel Pananaliksik/Panukalang Proyekto

Hinihiling ko pong makuha namin kaagad ang mga pangalan ng **30 gurong** dadalo mula sa DepEd bago ang Agosto 15. Sa interasado naman pong sumali sa patimpalak ay mangyari pong ipasa ang soft copy ng Panukalang Papel Pananaliksik sa email add na **mearaj1987@gmail.com.** hanggang sa **Agosto 15, 2018** na siyang huling araw ng pagpasa ng mga panukalang papel pananaliksik.

Inaasahan ko po ang inyong pagsuporta at paglahok sa naturang patimpalak.

Maraming salamat po. Mabuhay ang mga guro natin sa Filipino!

Lubos na gumagalang,

**RJ A. AMPOYOS**
Direktor, Sentro ng Wika
at Kultura sa Aklan

Binigyang-pansin:

**DANILO E. ABAYON, PhD**
SUC President II

Republika ng Filipinas
AKLAN STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF FISHERIES AND MARINE SCIENCES
New Washington, Aklan
E-mail: cfms@asu.edu.ph
Tel. Fax No. 036-264-3567



## OPISINA NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA

## PATIMPALAK SA TERTULYANG PANGWIKA 2018
### Mga Tuntunin sa Pagsumite ng Panukalang Papel/Proyektong Pananaliksik

1. Ang patimpalak ay bukas sa lahat ng mga guro sa Filipino na nagtuturo sa lebel Elementarya, Sekondarya at Kolehiyo mapa-pampubliko man o pribadong paaralan sa buong probinsya ng Aklan. Gayundin, sa mga mag-aaral sa Kolehiyo lalo na yaong mga kumukuha ng kursong Batsilyer sa Sekundarya na nagpapakadalubhasa sa Filipino.
2. Ang sinumang interesadong guro at mag-aaral ay kailangang magsumite ng kanilang Panukalang Papel/Proyektong Pananaliksik alinsunod sa pormat na ibinigay ng SWK sa 15 Agosto 2018, Miyerkules, hanggang alas 5:00 ng hapon.
3. Mayroon dalawang kategorya ang patimpalak: Kategorya para sa mga Guro at Kategorya para sa mga Mag-aaral.
4. Ipapasa ang ***soft copy*** ng panukalang papel pananaliksik sa email add na: **mearaj1987@gmail.com**. sa itinakdang araw at oras ng pagpasa. (tuntunin # 2)
5. Ang panukalang pananaliksik ay bukas sa anumang disiplina ngunit kailangang maiugnay sa wika at kultura ang pag-aaral at walang ibang wikang gagamitin maliban sa wikang Filipino.
6. Ang ipapasang panukalang papel pananaliksik ay kailangang alinsunod sa pormat ng SWK. Sundin ang mga sumusunod na pormat:
   *Document Type:* ***word, soft copy*** (via email)

   | | |
   |---|---|
   | *Font Style:* | ***Times New Roman*** |
   | *Font Size:* | ***12*** |
   | *Paper size:* | ***Short, single space*** |
   | *Margin:* | ***Top, Bottom & Right – 1inch*** |
   | | ***Left – 1.5 inch*** |
   | *Chapter Title:* | ***Center, bold*** |
   | *Subtopic title:* | ***Left side, bold*** |
   | *Paragraph:* | ***Justify*** |

   ***(tingnan sa susunod na pahina ang mga Kahingian sa pagbuo ng panukalang pananaliksik)***
7. Maaaring may kaugnayan ang ipapanukalang pananaliksik sa mga sumusunod:
   a. Wikang Filipino at iba pang katutubong wika tulad ng wikang Akeanon
   b. Gramatikang Filipino
   c. Kulturang Filipino at Kulturang Akeanon
   d. Ebolusyon ng iba pang wika
   e. Literaturang Filipino
   f. Pagsasalin
   g. Buhay, Pamumuhay, Tradisyon, Paniniwala
   h. Sikolohiyang Filipino, Sosyolohiyang Filipino
   i. Ang Filipino bilang Asignatura
   j. Iba pang disiplina gamit ang wikang Filipino.
8. Ang mga matatanggap na panukalang pananaliksik ay susuriin ng mga tagapamanihala ng programa at dadaan sa masinsininang pagsusuri at ebalwasyon. Pipiliin ang mainam na panukalang pananaliksik na siyang makalalahok sa aktwal na patimpalak.
9. Pipiliin ang tatlong (3) mahusay at mainam na panukalang pananaliksik mula sa kategorya ng mga Guro at tatlong (3) lahok rin sa kategorya ng mga mag-aaral.
10. Matapos na mapili ang mga mahuhusay at maiinam na lahok ay agad ding ipababatid ng pamunuan ng ASU- Sentro ng Wika at Kultura ang mga mapalad na mga guro at mag-aaral na siyang maglalahad ng kanilang panukalang pananaliksik sa araw ng programa at patimpalak at dadaan sa paghuhusga ng mga hurado.
11. Makakatanggap ang mga mahihirang na panalo ng halagang:

    | | |
    |---|---|
    | Unang Gantimpala: | 2, 000.00 |
    | Ikalawang Gantimpala: | 1, 500.00 |
    | Ikatlong Gantimpala: | 1, 000.00 |

12. Ang mga lahok naman na hindi mapalad na napili ay makatatanggap rin naman ng Sertipiko ng Pagkikilala na igagawad sa araw ng programa at patimpalak.
13. Ang awput na panukalang papel ay magiging bahagi sa awtput na isusumite sa KWF matapos ang pagsagawa ng programa.

Republika ng Filipinas
AKLAN STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF FISHERIES AND MARINE SCIENCES
New Washington, Aklan
E-mail: cfms@asu.edu.ph
Tel. Fax No. 036-264-3567

## MGA KAHINGIAN NG PANUKALANG PAPEL/PROYEKTONG PANANALIKSIK

Ipapasa ang ***soft copy*** ng panukalang papel pananaliksik sa email add na: **mearaj1987@gmail.com**. sa **15 Agosto 2018**, Miyerkules, hanggang alas 5:00 ng hapon.

Ang inyong panukalang pananaliksik ay maglalaman ng mga sumusunod:

a. Kabanata 1(Kalikasan ng Pag-aaral) - naglalaman ng mga sumusunod:
   - Introduksyon/Rasyonale (Introduction)
   - *Mga Layunin (Objectives of the Study :General and Specific)*
   - Kahalagahan ng Pag-aaral (Significance of the Study)
   - Saklaw at Limitasyon (Scope and Limitation)
   - Kahulugan ng mga Katawagan/Terminolohiya (Definition of Terms)

b. Kabanata 2 - Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura ***(3-5 pahina lamang)*** na naglalahad ng mga Kaugnay na Pag-aaral ng ibang mananaliksik at Literatura, mga Teorya na may kaugnayan sa pinapanukalang pananaliksik (Review of Related Studies and Literatures)

c. Kabanata 3 (Desinyo at Paraan ng Pananaliksik) na naglalaman ng:
   - Desinyo ng Pananaliksik (Design of the Study)
   - Lugar kung saan isasagawa ang panukalang pananaliksik (Venue/Locale)
   - Mga target na Tagatugon (Target Respondents)
   - Instrumento at Paraan ng Pagsasagawa (instruments and Methods)
   - Talatakdaan ng mga Gawain at Petsa ng Pagsasagawa(Work Plan/GANNT Chart)
   - Pangangailangang Badyet (Budgetary Outlay)

d. Mga Sanggunian (References)

**Maaaring may kaugnayan ang ipapanukalang pananaliksik sa mga sumusunod:**

a. Wikang Filipino at iba pang katutubong wika tulad ng wikang Akeanon
b. Gramatikang Filipino
c. Kulturang Filipino at Kulturang Akeanon
d. Ebolusyon ng iba pang wika
e. Literaturang Filipino
f. Pagsasalin
g. Buhay, Pamumuhay, Tradisyon, Paniniwala
h. Sikolohiyang Filipino, Sosyolohiyang Filipino
i. Ang Filipino bilang Asignatura
j. Iba pang disiplina gamit ang wikang Filipino.

*Sa ilan pa pong mga katanungan at paglilinaw kaugnay sa programa at patimpalak na ito ay maaari po kayong makipag-ugnayan sa numerong **09095573227** o sa telepono sa numerong **264-3569/264-3567** at hanapin po lamang ang inyong lingcod, **Prof. RJ A. AMPOYOS, Direktor ng SWK sa ASU.***

***Maraming Salamat po.***